Mensahe Pito

## Ang Intrinsikong Dibinong Pahayag hinggil sa Pagkilos ng Diyos kasama ang at sa gitna ng mga Tao sa Lumang Tipan at hinggil sa Pagkilos ng Diyos sa Tao sa Bagong Tipan upang Isakatuparan ang Nais ng Puso ng Diyos at upang Matugunan ang Pangangailangan ng Tao sa harap ng Diyos

Babasahin sa Kasulatan: Job 10:13; 42:1-6; Efe. 3:9; Juan 1:1, 14; Mat. 1:23; 2 Cor. 3:18; 4:16-17; Roma 8:29-30; Col. 1:12, 15-19; 3:4a, 10-11; Gawa 26:16-18; 3:16-19

**I. Ang pagkilos ng Diyos kasama ang mga tao at sa gitna ng mga tao ay nasa Lumang Tipan; ang pagkilos ng Diyos kasama ang mga tao at sa gitna ng mga tao ay hindi ang tuwirang pagkilos upang isagawa ang Kanyang walang hanggang ekonomiya para kay Kristo at sa ekklesia kundi ang di-tuwirang pagkilos sa Kanyang lumang nilikha para sa paghahanda ng Kanyang tuwirang pagkilos sa Kanyang bagong nilikha para sa Kanyang walang hanggang ekonomiya—2 Cor. 5:17; Gal. 6:15:**

A. Bilang taong nilikha ng Diyos sa Kanyang larawan, kailangan ng tao na kunin ang Diyos (isinisimbolo ng puno ng buhay) bilang kanyang buhay upang maipamuhay, maihayag, at maikatawan niya ang Diyos; at bilang gayong isa, kailangan niyang matransporma tungo sa mahahalagang materyales at upang maitayo bilang isang kapareha sa Diyos—Gen. 1:26-27; 2:9-12, 18-24.

B. Bilang isang natisod na tao, kailangan ng tao na tanggapin si Kristo para sa kanyang katubusan (isinasagisag ng hain kalakip ang ibinubong dugo nito) upang siya ay ariing-matuwid ng Diyos sa loob ni Kristo (isinasagisag ng mga damit ng mga balat ng hain); at kailangan din ng natisod na tao na matanggap si Kristo bilang binhi ng babae upang maligtas siya kay Satanas, ang kamatayang-kapangyarihan ng "ahas"—3:8-9, 15, 21; Heb. 2:14.

C. Itinuring ng Diyos ang tao at nalugod sa tao sa handog na sinusunog; bilang realidad ng handog na sinusunog, namuhay si Kristo ng isang buhay na lubusang para sa Diyos at para sa kasiyahan ng Diyos bilang isang nagbibigay-kasiyahang samyo sa Diyos para sa Kanyang kaluguran at kasiyahan—Gen. 4:4; 8:20-22; Lev. 1:9; Isa. 42:1; Mat. 3:17; 17:5; 12:18; Juan 5:30; 6:38; 7:18; 8:29; 14:24; cf. 2 Cor. 2:15; A. A. 4:10-16.

D. Pinangako ng Diyos kay Abraham na sa kanyang binhi (si Kristo) ang lahat ng bansa sa lupa ay pagpapalain—Gen. 22:18; Gal. 3:8, 14, 16-17.

E. Bilang isang tao na pinili ng Diyos, kailangan ng tao na tumanggap at tumugon sa pagtawag ng Diyos (Gen. 12:1-4), na mamuhay sa harap ng Diyos sa pamamagitan ni Kristo bilang kanyang handog na sinusunog (b. 7; 13:18; 22:13), upang maihantad ng kautusan upang malaman niya na siya ay makasalanan at walang kakayahang tuparin ang kautusan (Exo. 19:8, 21—20:21), at mamuhay kasama ang Diyos sa pamamagitan ng pagkuha kay Kristo bilang ang tabernakulo, ang Saserdote, at ang mga handog upang siya ay makapasok tungo sa Diyos at matamasa ang lahat ng kung ano ang Diyos kasama si Kristo at sa loob ni Kristo (Exo. 25—Lev. 27).

F. Ayon sa paraan ng palipat-lipat na pamumuhay ni Job (Job 1:3) at sa paraan na inihandog niya ang handog na sinusunog para sa kanyang mga anak (b. 5), tila si Job at ang kanyang mga kaibigan marahil ay nabuhay sa kapanahunan ni Abraham (Gen. 22:13); noong panahong iyon ang Pentateuch ni Moises kalakip ang kautusan ay hindi pa naisulat:

1. Tiyak na si Job at ang kanyang mga kaibigan ay nakatanggap ng ilang berbal na pahayag mula sa kanilang mga ninuno; gayunpaman, ang kanilang natanggap sa kanilang mga ninuno ay nakaabot, sa pinakasagad, sa antas lamang ng pahayag sa kapanahunan ni Abraham.
2. Kaya, sa kanilang mga pagtatalo hinggil sa ugnayan ng Diyos sa tao, walang pahiwatig na nagpapakitang nakatanggap sila ng dibinong pahayag na lampas sa paghahatol ng Diyos at pagturing ng Diyos sa tao sa kanyang handog na sinusunog.

3. Hindi nagsalita si Job at ang kanyang mga kaibigan ng anumang salita na nagpapahiwatig ng anumang bagay hinggil kay Kristo at sa Espiritu ng Diyos; sila ay nasa sinaunang yugto ng dibinong pahayag.
4. Sa Kanyang pagpapakita kay Job, tila sinasabi ng Diyos, "Job sa katunayan ay hindi mo nakikilala kung sino Ako; hindi mo natatanto na Ako ay di-nalilimitahan; gayundin, hindi mo mawari kung ano ang layon Kong ibigay sa iyo; Job, nilalayon kong ibigay sa iyo ang Aking sarili, ginagawa ang Aking sarili na iyong katamasahan upang ikaw ay maging bahagi Ko; hindi ako nasisiyahan na mayroon kang sarili mong integridad, kasakdalan, at katuwiran; nais Ko na taglayin mo Ako; ang Aking intensiyon ay ang ipamahagi ang Aking sarili tungo sa iyo at bigyan ka ng walang iba kundi ang Aking sarili."
5. Kaya, hindi na kailangang itatag ng pinili at tinubos na bayan ng Diyos ang kanilang sarili sa mga pantaong kagalingan, gaya ng kasakdalan, pagiging matuwid, at integridad, gaya ng ginawa ni Job, kundi kailangan nilang hanapin ang Diyos gaya ng isang humihingal na usa at upang matamasa ang Diyos kasama ang bayan ng Diyos sa mga kapistahan ng Diyos (Awit 42:1-5; 43:3-5) upang ang Diyos ay maging lahat-lahat sa kanila upang mahalinhan ang lahat ng kanilang naabot at nakamit; ito dapat ang tugon sa tatlong kaibigan ni Job at maging kina Elihu at Job (Job 10:13; cf. Efe. 3:9).
6. Sa katapusan ng aklat ng Job, pumasok ang Diyos, nagpapahiwatig na ang kakulangan ni Job sa kanyang pantaong buhay ay ang Diyos Mismo; dahil dito, ang aklat ng Job sa katunayan ay walang kumpletong pagtatapos, na dapat ay ang Diyos na lubusang natamo ni Job sa loob ni Kristo upang gawin siyang kaisa ng Diyos upang matamasa niya ang Diyos bilang kanyang bahagi kay Kristo; ang gayong pahayag ay lubusang matatagpuan lamang sa Bagong Tipan—40:10-14; 42:1-6; 10:13; cf. Efe. 3:9.

**II. Ang pagkilos ng Diyos sa tao ay nasa Bagong Tipan upang tugunan ang pangangailangan ng tao sa harap ng Diyos; ang pagkilos ng Diyos sa tao ay mula sa unang pagdating ni Kristo hanggang sa pagpapakita ng Bagong Herusalem sa bagong langit at bagong lupa; ang pagkilos na ito ay hindi pa nangyayari sa pantaong kasaysayan—Juan 1:1, 14; Efe. 3:16-19; Apoc. 21:2, 9-10:**

A. Bilang isang tao na pinili at tinawag ng Diyos, kailangan ng tao na sumampalataya tungo kay Hesu-Kristo, na siyang nagkatawang-taong Diyos, na namuhay ng pantaong buhay, namatay, nabuhay na muli, at umakyat sa langit para sa kanila at kasama sila, at naging Espiritung nagbibigay-buhay bilang malahanging Kristo sa kanila, upang Siya ay maging kanilang kaligtasan, buhay, at lahat-lahat (na inihahayag sa Mateo hanggang Roma):

1. Dumating ang Diyos upang ipaglihi sa isang taong birhen at upang ipanganak niya upang maging isang tao, sa gayon ay dinadala ang pagkadibino tungo sa pagkatao at sinasanhi ang Diyos at tao na maihalo bilang isang entidad subalit hindi bilang ikatlong subtansiya—Lev. 2:4-5; Juan 1:1, 14; Mat. 1:20, 23; 1 Tim. 3:16.
2. Namuhay si Hesus ng isang buhay kung saan ginawa Niya ang lahat ng bagay sa loob ng Diyos, kasama ang Diyos, at para sa Diyos; ang Diyos ay nasa Kanyang pamumuhay, at Siya ay kaisa ng Diyos; sa Kanyang pantaong pamumuhay ay inilagay Niya ang Kanyang nagdurusang buhay sa harap natin bilang isang modelo upang makopya natin ito sa pamamagitan ng pagbakas at pagsunod sa Kanyang mga yapak; hindi ito tumutukoy sa isang paggaya lamang sa Kanya at sa Kanyang buhay kundi isang pagpaparami Niya na nagmumula sa pagtatamasa sa Kanya bilang biyaya sa ating mga pagdurusa, upang Siya Mismo bilang nananahanang Espiritu, kalakip ang lahat ng kayamanan ng Kanyang buhay, ay maparami ang Kanyang sarili sa atin—Efe. 4:20-21; 1 Ped. 2:21.
3. Si Hesu-Kristo, bilang nagkatawang-taong Tres-unong Diyos at bilang pagsasakatawan ng Tres-unong Diyos (Col. 2:9), ay namatay sa Kanyang pagkatao ng isang humahalili at

nagpapaloob ng lahat na kamatayan upang tapusin ang lahat ng negatibong bagay at palayain ang dibinong buhay mula sa loob Niya para sa atin (Luc. 12:49-51; Juan 12:24).

4. Dinaig Niya ang kamatayan, pumasok tungo sa nagbubunga ng lahat na pagkabuhay na muli, ipinanganak upang maging panganay na Anak ng Diyos (dinadala ang pagkatao tungo sa pagkadibino), at naging Espiritung nagbibigay-buhay para sa pagbubunga at pagbubuo ng Katawan ni Kristo—Gawa 2:23-24, 32; 13:33; Roma 1:3-4; 8:28-29; Juan 20:22; 1 Cor. 15:45; 12:13.
5. Isinakatuparan Niya ang nangingibabaw sa lahat na pag-akyat sa kalangitan at ginawang Panginoon, Kristo, Lider, at Tagapagligtas (Gawa 2:36; 5:31) para sa Kanyang pagpapalaganap at para sa pagtatayo ng ekklesia bilang Kanyang kaharian (1:8; 26:16-18).
6. Sa Kanyang kamatayan, pagkabuhay na muli, at pag-akyat sa langit ay ginawa Niya ang lahat ng mananampalataya na kaisa Niya; kaya, ang Kanyang kamatayan, pagkabuhay na muli, at pag-akyat sa langit ay pawang naging kanila, at ang Kanyang karanasan ay naging kanilang kasaysayan—Roma 6:5-6; Efe. 2:5-6; *Mga Himno,* #949, saknong 4.

B. Bilang mananampalataya kay Kristo, kailangang lumago ng tao sa dibinong buhay ni Kristo upang matransporma siya tungo sa kung ano si Kristo sa pamamagitan ng Espiritung namamahagi ng buhay, upang maitayo siya kasama ng mga banal upang maging Katawan ni Kristo, ang organismo upang ihayag ang Tres-unong Diyos sa loob ni Kristo, at upang maging bagong tao bilang bagong nilikha ng Diyos upang isagawa ang walang hanggang ekonomiya ng Diyos sa pagpapasukdol ng Bagong Herusalem bilang paghahalo ng naprosesong Tres-unong Diyos sa naluwalhating may tatlong bahaging tao, upang maging sama-samang pagpapakita ng Diyos-tao sa kawalang-hanggan (na inihahayag sa 1 Corinto hanggang Apocalipsis):

1. Tinubos tayo ng Diyos sa loob ni Kristo, pinatawad ang ating mga kasalanan, hinugasan tayo, inaring-matuwid tayo, at ipinagkasundo tayo sa Kanya; inilagay tayo ng Diyos tungo kay Kristo at ginawa Siyang ating katuwiran, pagpapabanal, at katubusan—Efe. 1:7; 1 Cor. 6:11; Roma 3:22; 5:10; 1 Cor. 1:30.
2. Isinilang na muli tayo ng Diyos sa pamamagitan ng pagkabuhay na muli ni Kristo (1 Ped. 1:3), at ngayon ay Kanyang pinapabago tayo, tinatransporma tayo, at iwinawangis tayo sa Kanyang larawan ng kaluwalhatian (Tito 3:5; Roma 12:2; Efe. 4:23; 2 Cor. 4:16; 3:18; Roma 8:28-30; Fil. 3:21).
3. Sa Kanyang pagpapabago at pagtatransporma, inuubos Niya tayo, inilalagay tayo tungo sa Kanyang kamatayan para sa ating pagsasalamuha sa Kanyang mga pagdurusa, na gumagawa para sa atin ng walang hanggang bigat ng kaluwalhatian, upang maranasan natin Siya sa Kanyang pagkabuhay na muli at matamo Siya sa Kanyang di-malirip na kayamanan—2 Cor. 4:16-18, 10; Fil. 3:10, 8; Efe. 3:8.
4. Ang Diyos Ama ay naisakatawan sa Diyos Anak (Col. 2:9), ang Diyos Anak ay naisarealidad bilang Diyos Espiritu, at ang Diyos Espiritu ay dumarating upang manahanan sa atin upang maging realidad ng Tres-unong Diyos (Juan 14:16-20); ang Ama, ang Panginoon, at ang Espiritu bilang Tres-unong Diyos ay naging ang pinagmumulan, ang elemento, at ang esensiya ng ekklesia bilang Katawan ni Kristo (Efe. 4:4-6).
5. Hinggil sa hiwaga ng Tres-unong Diyos bilang realidad sa mga mananampalataya, si Kristo ay maraming bagay na sasabihin sa Kanyang mga disipulo, subalit hindi nila makakaya ang mga ito hanggang ang Espiritu ng realidad ay dumating upang ihayag ang mga bagay na ito sa kanila (Juan 16:12-15); ito ay pangunahing ginawa ng Espiritu ng realidad kay apostol Pablo, na nagkumpleto ng salita ng Diyos, yaon ay, ng dibinong pahayag (Col. 1:25-27) hinggil kay Kristo bilang hiwaga ng Diyos (2:2b) at sa ekklesia bilang hiwaga ni Kristo (Efe. 3:4).
6. Si Kristo bilang dibinong bahagi na inilaan ng Diyos sa mga banal at bilang buhay sa mga mananampalataya ay naging lahat ng sangkap ng bagong tao at nasa lahat ng sangkap ng

bagong tao, na siyang organikong Katawan Niya; ninanais ng Diyos na gawin si Kristo, ang pagsasakatawan ng Diyos, na lahat-lahat sa atin, ang mga mananampalataya ni Kristo—Col. 1:12, 15-19; 3:4a, 10-11; 1 Cor. 12:12-13.

7. Bilang Espiritung nagbibigay-buhay, nananahan Siya sa atin upang gawin ang Kanyang sarili at lahat ng Kanyang naisakatuparan, nakamit, at naabot na maging tunay sa atin upang tayo ay maging kaisa Niya at matransporma tungo sa parehong larawan gaya ng sa Panginoon mula sa kaluwalhatian tungo sa kaluwalhatian; sa pamamagitan ng pagbaling ng ating puso sa Panginoon, mamamasdan natin ang kaluwalhatian ng Panginoon upang makita natin ang Panginoon, at maaninag ang kaluwalhatian ng Panginoon upang sanhiin ang iba na makita Siya sa pamamagitan natin—2 Cor. 3:16-18.
8. Isasagawa ng Diyos sa loob ni Kristo ang Kanyang nagtatranspormang gawain sa atin hanggang ang Kanyang pagtatransporma ay mapasukdol sa Bagong Herusalem, una sa mga mandaraig sa milenyong kaharian (Apoc. 2:7) at sa kasukdulan sa lahat ng banal sa bagong langit at bagong lupa, ginagawa ang lahat ng Kanyang pinili at tinubos na bayan na Kanyang sama-samang kahayagan, ipinapakita ang Kanyang sarili, hindi ang anumang uri ng mga pantaong kagalingan lamang (gaya ng ginawa ni Job), sa pinakasukdulan sa kawalang-hanggan (21:1—22:5).

*© 2020 Living Stream Ministry*